

Ano ang College Bound Scholarship?

Mga mag-aaral sa middle school: Interesado ka ba sa pangangalagang pangkalusugan? Konstruksiyon? Pagdidisenyo ng video game? Pagpapatakbo ng negosyo? Anuman ang iyong mga layunin sa karera, tutulungan ka ng College Bound Scholarship na makapasok at makabayad para sa paaralang naaangkop para sa iyo! Ang College Bound ay isang maagang pagtatalaga ng tulong pinansiyal ng estado sa mga kwalipikadong mag-aaral na makakatupad sa pangako ng College Bound. Sinasaklaw ng College Bound Scholarship ang karaniwang matrikula, mga singilin, at allowance para sa libro sa higit sa 65 kolehiyo, unibersidad, at teknikal na paaralan sa Washington. College Bound ka ba?

Kwalipikado ba ako?

Awtomatikong itinatala sa College Bound ang mga mag-aaral na natutugunan ang isa sa mga sumusunod na kinakailangan:

- ▶ Kung nasa pampublikong paaralan ka at kwalipikado ka para sa libre at may bawas na presyong pagkain sa ika-7, ika-8, o bagong kwalipikado sa ika-9 na baitang, kwalipikado ka rin para sa College Bound.
- ▶ Kung nasa foster na pangangalaga ka, o isa kang dependent ng estado sa pagitan ng ika-7 baitang at pagtatapos sa mataas na paaralan.

Tsart ng Kita sa 2021-22

Laki ng Sambahayan	Taunang Kita ¹	Buwanang Kita	Lingguhang Kita
2	\$32,227	\$2,686	\$620
3	\$40,626	\$3,386	\$782
4	\$49,025	\$4,086	\$943
5	\$57,424	\$4,786	\$1,105
6	\$65,823	\$5,486	\$1,266
Karagdagang miyembro ²	Magdagdag ng \$8,399	Magdagdag ng \$700	Magdagdag ng \$162

¹ Dapat na mababa sa o katumbas ng halagang ito ang kita ng sambahayan.
² Para sa bawat karagdagang miyembro ng sambahayan, idagdag ang halaga ng dolyar.

Iba pang mga paraan para maging kwalipikado

Hindi pasok ang ilang mag-aaral sa alinmang situwasyon, pero interesado silang mag-apply para sa College Bound. Maaari kang makipag-ugnayan sa programang College Bound para mag-apply kung natutugunan mo ang isa sa mga sumusunod na pamantayan:

- ▶ Pumapasok sa isang pribadong paaralan o programang homeschool sa Estado ng Washington at natutugunan ang mga kinakailangan sa kita.
- ▶ Nasa iba pang uri ng foster na pangangalaga at hindi kwalipikado para sa libre at may bawas na presyong pagkain.

Kung kwalipikado ka para sa libre at may bawas na presyong pagkain, tiyaking mag-sign up. Awtomatiko ka ring maitatala sa College Bound!

Ano ang pangako?

Ipinangako ng mga College Bound na mag-aaral na:

- ▶ Magtapos sa mataas na paaralan o home school sa Washington nang may pinagsama-samang GPA na 2.0 o mas mataas pa.
- ▶ Mag-apply sa kolehiyo.
- ▶ Magpasa ng aplikasyon para sa pinansiyal na tulong (FAFSA o WASFA) sa iyong taon bilang senior sa mataas na paaralan at kada taon sa kolehiyo.
- ▶ Hindi nahatulan nang dahil sa malubhang krimen.

Paano ko malalaman kung isa akong College Bound na mag-aaral?

Makakatanggap ka ng sertipiko ng College Bound sa mail. Kung kailangan namin ng anumang karagdagang impormasyon, makikipag-ugnayan kami sa iyo. Tiyaking i-update ang tauhan ng programa kung lilipat ka o babaguhin mo ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

Ano ang susunod na mangyayari?

Kapag natanggap mo na ang iyong sertipiko, patuloy na ipapaalala sa iyo ng tauhan ng programa ang mahahalagang impormasyon at update.

Paano ko matatanggap ang scholarship?

- ▶ Tuparin ang mga kinakailangan sa pangako para sa scholarship at tugunan ang mga kinakailangan sa paninirahan sa estado.
- ▶ Magpasa ng aplikasyon para sa pinansiyal na tulong sa iyong taon bilang senior sa mataas na paaralan at kada taon sa kolehiyo. Tutukuyin ng iyong kolehiyo kung natutugunan mo ang mga kinakailangan sa kita.
- ▶ Matanggap at pumasok sa isang kwalipikadong kolehiyo – mayroong higit sa 65!
- ▶ Magkaroon ng mabuting katayuan sa iyong kolehiyo.